
# e-Jeepney, Super Hero!




Kuwento ni:
LORRAINE G. LELIS

Guhit ni:
FRANCIA G. REYES

DEPARTMENT OF EDUCATION

Treasury of Storybooks

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2022 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in this work of Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in collaborative assemblies and in meeting of public character.

For the purpose of citation, the following recommended.

Lorraine G. Lelis- e-Jeepney, Super Hero!, DepEd-BLR, 2022

## DEVELOPMENT TEAM

Kuwento ni: Lorraine G. Lelis
Guhit ni: Francia G. Reyes

Learning Resources Managers: Dr. Gina U. Urquia, EPS/LRMDS-Muntinlupa
Mr. Dennis M. Mendoza
Mr. Felipe W. Marapao Jr. / Mr. Larry G. Canasa
Madeline Ann L. Diaz, Chief Education Supervisor
Evangeline P. Ladines CESO V, Superintendent

Muntinlupa City
National Capital Region

| Mga Kasanayang Pagkatuto | Mother Tongue Based |
| --- | --- |
| 1.Nakapagtatala ng mahalagang detalye sa kuwento. | |
| 2. Nakapagpapahayag ng nagugustuhang bahagi ng babasahin o teksto. | |
| 3. Nababasa nang malakas ang teksto/kuwento na angkop sa ikalawang baitang. | |
| 4. Nakapagbibigay ng wastong pagkakasunod-sunod ng 3-5 pangyayari sa kuwento | |
| 5. Naiuugnay ang pangyayari sa kuwento sa sariling karanasan | |
| 6. Naibibigay ang mga mahahalagang detalye sa isang kuwento. | |

| Mga Kasanayang Pagkatuto | Araling Panlipunan |
| --- | --- |
| 1.Natutukoy ang mahahalagang lugar sa sariling komunidad batay sa lokasyon nito sa sariling tahanan paaralan | |
| 2. Napapangalagaan at nalilinang ang mga natatanging istruktura, bantayog ng mga bayani. mga bagay at sagisag na nagtatangi sa kasaysayan ng komunidad | |
| 3. Natutukoy ang mga katangiang nagpapakilala sa sariling komunidad | |

| Mga Kasanayang Pagkatuto | Filipino |
| --- | --- |
| 1.Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari ng kuwentong napakinggan batay sa larawan. | |
| 2. Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto sa tulong ng mga larawan. | |
| 3. Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento. | |

| Mga Kasanayang Pagkatuto | Edukasyon sa Pagpapakatao |
| --- | --- |
| 1.Nakapagbibigay ng sitwasyong nagpapakita ng paggawa nang mabuti sa kapwa | |
| 2. Naipakikita ang mga gawaing nagpapakita ng pagmamalasakit sa mga kasapi ng pamayanan. | |

Isang masayang pamilya na sinubok ng tadhana. Kinailangang labanan ang lungkot upang makapamuhay ng payapa.

Isang mapagmahal na bata si Marina na may amang huwaran at katangi-tangi. Dadalhin kayo ng kuwentong ito sa pamumuhay ng mag-ama at kung paano nila nilalabanan ito sa araw-araw.

Kuwentong Bayan din ito kung saan naipakita ang ganda ng komunidad, mga pook at ang serbisyong naibabahagi sa mga mamamayan ng Muntinlupa.

Ako si Marina, walong taong gulang, nasa ikatlong baitang at nag-aaral sa Paaralang Elementarya ng Putatan, Lungsod ng Muntinlupa. Ako ay nag-iisang anak nina Mang Mario at Aling Carina.



Maaga akong naulila sa ina. Grade one pa lamang ako nang magkasakit ng malubha ang aking nanay, na siyang naging dahilan ng maaga niyang pagkamatay.





Nakita ko kung paanong naging malungkot ang masaya naming buhay noon. Matagal naming natanggap ito, kaya kami na lamang ni tatay ang palaging magkasama sa hirap at ginhawa.




Isang kawani ng Gobyerno si tatay. Isa siyang drayber ng *e-jeepney*. Isa itong makabagong sasakyan kung saan umaandar ito sa pamamagitan ng baterya na pinagagana ng kuryente. Libreng nakasasakay ang mga Muntinlupeño dito. Kailangan lamang na magpakita sila ng kanilang yellow card ID. Kung sakali namang wala nito, maaari pa rin silang sumakay basta't sumulat sila sa logbook ni tatay. Mula Alabang hanggang Bayan ng Muntinlupa  ang ruta ni tatay.

Naging *service* na nga siya ng mga batang nag-aaral, mga nanay na namamalengke, mga nag-oopisina. Inaabangan nila ang pagdaan ng *e-jeepney*. Madalas din itong nahihiram ng mga paaralan para sa Lakbay-aral. Umiikot ito sa iba't-ibang lugar dito sa Muntinlupa gaya ng Jamboree Lake, Sunken Garden, Japanese Cemetery, at ang makasaysayang Museo ng Muntinlupa.



Isang araw, maagang nag-anunsiyo na walang pasok ang aming Punong-lungsod, hinagupit ng isang malakas na bagyo ang aming bayan, napakalakas ng hangin kung kaya't nagliparan ang mga yero ng mga bahay. Nakakatakot ang lakas ng kulog at talim ng kidlat.



Agad kong naalala si tatay, hindi siya nagpapigil sa akin kaninang umaga, pumasok siya kahit malakas ang ulan. Naaawa siya sa mga tao, tiyak na walang masasakyan. Isang huwarang kawani ng gobyerno ang aking ama.



Isang malakas na katok ang aking narinig,
nakatulog pala ako sa kahihintay sa pagdating niya.



Agad akong bumangon at binuksan ang pinto. “Tatay! Bakit po kayo sumugod sa malakas na ulan?” ang wika ko. Basang-basa siya at nanginginig ang buong katawan. “Nag-alala kase ako sa iyo anak, wala kang kasama dito sa bahay,” ang sabi niya.

*“Mahal na mahal talaga ako ng aking tatay,”* ang nasambit ko sa aking isipan.





Agad nagpalit ng damit si tatay. Upang mainitan ang kanyang katawan, nagtimpla ako ng paborito niyang kape. Maya- maya pa ay nagpahinga na rin kami.

Kinabukasan, humupa na ang malakas na hangin, kulog at kidlat. Tumayo na ako upang maghanda para pumasok.






Wala pa si tatay sa kusina, wala pang nagluluto ng agahan. Araw-araw kasi paglabas ko ng kuwarto nakikita ko na si tatay, abala sa paghahanda ng aming babaunin. "Tatay, tatay, ang nagmamadali kong tawag sa kanya, sabay katok sa pintuan ng kuwarto niya. Walang sumasagot kaya dahan-dahan kong binuksan ang pinto.




Nakita ko si tatay na balot na balot ng kumot, nanginginig ang kanyang katawan. "Tatay, kumusta po ang inyong pakiramdam?" ang may pag-aalalang wika ko. "Giniginaw ako anak, at ang sakit ng aking ulo," ang wika niya. Hinipo ko siya, sobrang init ni tatay! Dali-dali akong humingi ng tulong sa kapitbahay upang maisugod namin siya sa malapit na ospital.




“Maraming salamat po, doktora, mabuti na lamang po at nabigyan ninyo agad ng gamot ang aking tatay,” ang wika ko. “Walang anuman, ipagpatuloy mo lamang ang pagpapainom ng gamot at tuloy-tuloy na ang kanyang paggaling,” ang sambit ng magandang doktora.



Ilang araw ding namalagi sa higaan si tatay. Ako ang nag-alaga sa kanya, pinainom ko siya ng gamot. "Tiyak na hinahanap na ako ng mga taong sumasakay sa *e-jeepney*," ang wika niya. "Hayaan nyo na muna po na gumaling kayo bago kayo bumalik sa trabaho, magpalakas muna kayo ng katawan upang bumalik ang maganda ninyong kalusugan," ang sagot ko naman.



Makalipas ang ilang araw, nanumbalik na muli ang lakas ni tatay. Handa na siyang pumasok sa trabaho at maglingkod sa mga tao. "Salamat Panginoon, hindi mo pinabayaan ang aking mahal na tatay," ang taimtim kong dasal. Masayang-masaya ako habang tinitingnan ang aking *e-jeepney*, super hero!